Yearly

Ex Battalion

Kada taon may bagong rasyon kahit nagbabakasyon
Kada taon umaraw man o umulan ay sa'amin napapanahon
Kada taon umaangat kahit hindi tumalon kada bagong taon
Kada taon lamon hindi yon nagkataon dapat ramdam niyo na

Hanggang ngayon maririnig mo parin sa lahat ng istasyon
Hanggang ngayon sa mga telebisyon maraming imbitasyon
Hanggang ngayon walang makaawat kasi walang limitasyon
Hanggang ngayon kasama sa henerasyon hindi na mababura yon

Pasalamat nga kayo kasi kahit papano naka buo kame ng bagong eroplano tsaka mga plano
Gamit tong tunog na makabago para makasabay ang mga tao, garantisado
Para kahit ilagay sa radyo panalo kahit walang hurado malinaw na agad
Ang mataas na grado, malakas sa tao pag nag labas ng bago, whoa
Sa sasabihin ko hindi ko gustong mag yabang talagang gusto ko lang ipaalam
Hindi man malaman ang gawa ko malamang mahihirapan ka bilangin kung ilan mag-aabang
Kasi hindi to matabang malasa to walang kulang kaya malabo na di ka masarapan, masanay ka nalang
Pero pag di ka parin masiyahan, sige lang di na mahalaga yan

Basta kada taon mag papaambon umasang walang patapon
Kada taon parang dalagitang may dalaw malabong hindi magkaron
Kada taon maraming gustong mag tanong kung pano kame nagkaron
Nag abang kame sa pagkakataon sadya yon hindi lang basta nagkataon

Hanggang ngayon maririnig mo parin sa lahat ng istasyon
Hanggang ngayon sa mga telebisyon maraming imbitasyon
Hanggang ngayon walang makaawat kasi walang limitasyon
Hanggang ngayon kasama sa henerasyon hindi na mababura yon

Honcho! Di kami bumibitaw na matabang kasi madami ang nakaabang
Mga tengang kawali, tropa kunwari buhangin sa mata nakiilang
Basta kada taon sa aming nasyon putok lagi bulkan mayon
Hindi yon nagkakataon sadya na yon tsong hindi ka dapat nagtatatanong
Pilit pinipilit may masilip kada birit namin para makahirit kasi puro mahihilig mamuna
Uunahan na kita naunahan na kita di mo ba yun napuna kaya dapat sakin ang mata mo
Nakatitig mamatay sa kakaisip maupo ka jan sa gilid sige sisirit na agad
Dapat ako'y masagad maunahan pa kita matakot ka pag ako na ang namuna

Nasaamin ang saktong timpla tunog na wala sa iba
Pag samin galing ang kanta kinakabisado nila ng di mo mahahalata
Kaya sinanay ko sa mga anay sarili kong bahay kahit pamamahay
Sabay pang tumagay ganon ko inalay sarili ko bago ako humahayahay

Hanggang ngayon maririnig mo parin sa lahat ng istasyon
Hanggang ngayon sa mga telebisyon maraming imbitasyon
Hanggang ngayon walang makaawat kasi walang limitasyon
Hanggang ngayon kasama sa henerasyon hindi na mababura yon

Sinabi ko na diba dati pa wala yan sino nauna
Mga unang nagturo o naunang mamuna sarap tsinelasin oh siya sapatusan ko na
Kurap ang gusto inirapan ko na umapir lang saglit oh ayun namula
Inakala nilang bumaba na kami (bumaba na kami) paraan lang pala

Para kami lumipad taas paangat kinakain ngatngat sino mang makasalubong
Di lang dapat anim ang pinapabanat madaming panglapat kada hitang pinapaugon
g
At hindi lang mga bata ang pinapahanga kaya pag naghain malaking malukong
Di lang basta na tumunganga laging may panata dapat mapahanga may takdang pa
nanong

Saamin mga kantang hindi mo inakalang umaalingawngaw sa
Magkabilaang tenga kahit ano mang tema di na bagong pananaw
Di na pwedeng mawala sa eksena kahit na ikulong o ikadena na may kasamang mu
rang malutong
Taon taon laging uhaw palaging gutom kaya ngayon alam mo na yun

Hanggang ngayon maririnig mo parin sa lahat ng istasyon
Hanggang ngayon sa mga telebisyon maraming imbitasyon
Hanggang ngayon walang makaawat kasi walang limitasyon
Hanggang ngayon kasama sa henerasyon hindi na mababura yon

Wala nang panahon, para mag tapon ng oras kung alam naman na di nagkataon
Kung paano bumaon sa pandinig ng masa sasabihin mo pa ba na patapon
Yung kaya kong kitain ng isang gabi lang ay kailangan mo ipasok na buong tao
n, damn!
Kahit natutulog ay sumasamsam kaya puro mga bitter ang nag nagdadamdamn!
Instant na kasi pag samin nagmula laging pumapalo't humahatak sa takilya
Minsan lang kase kung kami gumawa flawless shit! Di kailangan ng masilya
Lahat na tuloy gusto kami na masira inggit lang kasi sa galaw na pambihira
Wala tumatalab kahit sino ang manira pano sasabihin na mawawalan ng tira

Parang bigtime na adik 'to di mawawalan ng arit 'to
Bawal sumakay dito sa raket ko kami lang ang paangat dito
Kung taliwas ka samin eto karit ko naka tutok na sa sintido
Bigyan pugay sa mga iho para pwede ka sumalok sa aming gripo

Hanggang ngayon maririnig mo parin sa lahat ng istasyon
Hanggang ngayon sa mga telebisyon maraming imbitasyon
Hanggang ngayon walang makaawat kasi walang limitasyon
Hanggang ngayon kasama sa henerasyon hindi na mababura yon

Wag kang magtaka alam mo na yan at di na dapat pinapaliwanag
Nong dumilim sa rap scene non diba isa kami sa nagpaliwanag
Pag pasok palang lahat nawindang di mapaliwanag ang mga pagmumukha
Pinagbabali namin mga maling akala noong humakot kami ng tiba-tiba, yeah
Wala pang tinitira pero laging meron sugat silang mga galit para sa amin mer
ong sulat
Parang nanliligaw lang laging sabik na makausad habang kami pakape-
kape hindi sila kausap
Ang gusto ko sabihin lang kahit nakatikom ang bibig namin ay meron ng sinabi
Nauna ka sa pila e ano ang paki ko kami naman pinipilahan ng madame

Markang iiwanan ay masasabi na mala sapok ni Joe Frazier (yow haymaker)
Mayabang mang sabihin pero kami yung kahulugan na salitang hit maker, uhh!
Di matatange, malabong mabura gamitin sangkatutak man na eraser
Rest stay there, wag niyo ng pilitin lumabas kame bilang mga dissmaker

Hanggang ngayon maririnig mo parin sa lahat ng istasyon
Hanggang ngayon sa mga telebisyon maraming imbitasyon
Hanggang ngayon walang makaawat kasi walang limitasyon
Hanggang ngayon kasama sa henerasyon hindi na mababura yon

Kada taon may bagong rasyon kahit nagbabakasyon
Kada taon umaraw man o umulan ay saamin napapanahon
Kada taon umaangat kahit hindi tumalon kada bagong taon
Kada taon lamon hindi yon nagkataon dapat ramdam niyo na

Hanggang ngayon hinding hindi nyo makakaila
Na kung hindi dahil samin ay paano na
Pangalan namin ay malabo mabura
Hold up, hold up, hold up, cut that singing shit, EXB!

Paano nalang pala kung di kami lumabas paano kung yung mga kanta namin ay di malakas
Paano nalang pala kung di kami magaling edi sana di niyo kame titingalain
Di namin kasalanan kung ba't di na kayo mabenta nung panahon na anihan na ts aka kayo tumengga
Kaya yung mga kanta nyo wala na sa bangketa, amining masakit na wala na kayo ng kwenta (ouch)
Hindi niyo kayang tanggalin yung kabitteran niyo samin kaya di kami malaos
Matagal na po kayong tapos, tabi mga boss panahon to ng mga EXB at ni D'Sauc e, bibeh!
Saludo sa mga lokal na nasa taas na hindi tayo titigil hanggang mas lumakas pa
Pero dun sa mga pikon na wack may pag-
asa pa kayong tigilan ang rap haa (tap na?)

(Hanggang ngayon maririnig mo parin sa lahat ng istasyon
Hanggang ngayon sa mga telebisyon maraming imbitasyon
Hanggang ngayon walang makaawat kasi walang limitasyon
Hanggang ngayon kasama sa henerasyon hindi na mababura yon)

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!